Mga Tips para sa Paggamit ng mga Gamot na Mayroong Paracetamol

Ang Paracetamol (o acetaminophen) ay isang pangkaraniwang sangkap sa gamot na ginagamit para mapawi ang mga sintomas ng lagnat at sakit. Mayroon ring iba't ibang mga sangkap na hand ana mayroong paracetamol sa iba pang mga sangkap sa gamot para sa pagpawi ng sintomas ng sipon at trangkaso. Bagama't sa pangkalahatan, ang mga iniinom na mga gamot at mga suppository na mayroong paracetamol ay mga gamot na nabibili sa counter, na maaaring mabili kahit walang preskripsyon ng doktor, ang mga miyembro ng publiko ay kailangan pa ring humingi ng payo mula sa mga propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan bago uminom ng anu mang gamot. Upang matulungan ang mga miyembro ng publiko na matukoy ang mga nakarehistrong produkto na mayroong paracetamol, ang isang listahan ng mga produktong ito ay inilagay sa website ng Tanggapan ng mga Gamot, DH:

https://www.drugoffice.gov.hk/eps/do/en/doc/List_of_registered_pharmaceutical_products_containing_paracetamol.pdf

Kailangang alalahanin ng mga miyembro ng publiko ang mga sumusunod kapag umiinom ng anu mang gamot na mayroong paracetamol.

Mga Gamot na Mayroong Paracetamol

- Ang mga gamot na mayroong paracetamol ay karaniwang ibinibigay upang gamitin sa pamamagitan ng pag-inom sa tableta, kapsula, solusyon, at mga powder para sa gamot na iniinom
- Ang mga solidong iniinom na gamot, hal., tableta o kapsula, ay mag magkakaibang mga nilalaman at sa pangkalahatan ay para sa mga matatanda at mga batang lampas edad 12.
- Amg mga likidong iniinom na gamot, hal., mga solusyon o powder para sa gamot na iniinom, ay sa pangkalahatan para sa mga batang edad 12 o pababa. Importanteng alalahanin na ang dosis ng paracetamol para sa mga bata na nakadepende sa bigat ng kanilang katawan at sa concentration ng gamot na likido. Kailangang suriin ng mga magulang ang tamang bilang ng paggamit ng syringe sa pag-inom o kutsarang may dosis ayon sa tagubilin tulad ng inilathala sa pakete ng produkto o mga polyeto.
- Ang mga gamot na mayroong paracetamol ay maaari ring makuha sa pamamagitan ng suppository, kadalasan ay para sa mga sanggol.
- Kailangang basahin ng miyembro ng publiko ang mga tagubilin tulad ng nakasulat sa pakete o sa polyeto ng produkto, at humingi ng payo mula sa mga propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan, bago gumaming ng mga gamot na mayroong paracetamol.

Paunang Pag-iingat

- Ang mga taong may allergy sa paracetamol ay hindi dapat umionm ng mga gamot na mayroong paracetamol.
- Ang mga taong may sakit sa bato, atay, o umiinom ng anticoagulant (hal. Warfarin) ay pinapayuhang kumonsulta sa mga propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan bago gumamit ng mga gamot na mayroong paracetamol.
- Ang overdose ng paracetamol ay maaaring magdulot ng malubhang pinsala sa atay, at kung gayon, ay ang normal na may-edad na tao ay hindi dapat kumonsumo ng higit pa sa 4,000mg ng paracetamol sa loob ng 24 oras (para sa tablet ana mayroong 500mg ng paracetamol, ang pinakamataas na pag-inom kada araw para sa normal na may-edad na tao ay 8 tableta). Ang mga bata o mga taong may tukoy na kondisyon at sakit ay kailangang babaan ang dosis ayon sa pakete o polyeto ng produkto at/o payo mula sa mga propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan.

- Kailangang i-monitor ng mga miyembro ng publiko ang kondisyon ng kanilang kalusugan at humingi ng payo mula sa mga propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan kung ang lagnat ay magtuloy ng higit pa sa 3 araw pagkatapos kumuha ng paracetamol.
- Huwag uminom ng iba pang mga produktong mayroong paracetamol maliban na laman kung ipinayo ng mga propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan.

Tanggapan para sa Gamot
Departamento ng Pangkalusugan
Enero 2023